

Alamin ang Iyong mga Karapatan: Mga Sibil na Legal na Opsyon para sa mga Nakaligtas na Sekswal na Karahasan sa New Jersey



Makakapagpasya ka. Palagi.

Naniniwala kami sa lahat ng nakaligtas, gaano man katagal na nangyari ang pinsala. Nararapat ka sa paghilom, hustisya, at mga opsyon. Nais mo mang magsagawa ng legal na aksyon ngayon, sa hinaharap, o hindi kailanman, hindi ka nag-iisa, at nasa iyo ang desisyon.

Sa New Jersey, kinikilala ng batas na maaaring magpaantala ang trauma kapag handa nang magsalita ang mga nakaligtas. Ang sibil na statute of limitations ay nagtatakda ng limitasyon sa panahon para kung kailan ka makakapagdemanda sa hukuman ng kasong sibil para sa pinsalang idinulot ng sekswal na karahasan. Naiiba ito sa mga kasong kriminal, kapag nagsampa ng mga kaso ang estado.



Nararapat ka sa panahon para makapaghilom at panahon para magpasya kung nararapat para sa iyo ang legal na aksyon.

ANO ANG NAGBAGO SA BATAS NG NEW JERSEY?

Noong 2019, ipinasa ng New Jersey ang batas na nakasentro sa nakaligtas (S477/A3648) na pinalawak ang iyong legal na timeline:

Kung ikaw ay inatake bilang nasa hustong gulang: Mayroon kang pitong taon mula sa pag-atake o mula sa kung kailan mo natuklasan ang pinsalang naidulot (alinman ang mas nahuhuli).

Kung ikaw ay inatake bilang bata: Maaari kang magsampa ng demandang sibil hanggang sa ikaw ay magkaedad na 55 taong gulang o sa loob ng pitong taon ng pagkakatuksa sa pinsala (alinman ang mas nahuhuli).

Walang umiiral na kriminal na statute of limitations para sa sekswal na pag-atake sa New Jersey (para sa pinsalang naganap matapos alisin ang kriminal na statute of limitations noong 1996*). Maaari kang magsumbong sa tagapagpatupad ng batas sa anumang oras.

**Tandaan: Ang mga nakaligtas na nakaranas ng pang-aabuso sa pagitan ng 1991 at 1996 ay maaari ring makapagsampa ng mga kasong kriminal*

MGA KASONG SIBIL KUMPARA SA KRIMINAL... ANO ANG PAGKAKAIBA?

HUKUMAN NG KASONG SIBIL	HUKUMAN NG KASONG KRIMINAL
Ikaw (ang nakaligtas) ang nagdedemanda	Ang estado ang nagsasampa ng mga kaso
Maaari kang humingi ng kabayaran para sa mga danyos, sakit at pagdurusa, o kapabayaang	Naghahangad ang estado ng parusa (pagkakakulong, probasyon, atbp.)
Ikaw ang nagpapasya kung at paano ka magpapatuloy.	Kinokontrol ng mga taga-usig ang proseso
Maaari mong idemanda ang tao o ang institusyon (tulad ng paaralan, empleyado, o ahensya)	Ang mga kaso ay laban sa taong nagdulot sa iyo ng pinsala

PAANO TUTUKLASIN ANG IYONG MGA LEGAL NA OPSYON

Hindi mo kailangang gawin ito nang mag-isa. Kung pinag-iisipan mo ang legal na aksyon o gusto lamang malaman ang iyong mga karapatan, narito ang kung saan makapagsisimula:

Makipag-usap sa tagapagtaguyod na may kaalaman sa trauma

Matutulungan ka nilang maunawaan ang iyong mga opsyon sa isang ligtas at kumpidensyal na paraan.

Maghanap ng tagapagtaguyod: njcasa.org/find-help

Kumonsulta sa isang civil attorney

Ang ilang nakaligtas ay nagdedemanda para sa danyos (emosyonal na pagdurusa, pagkukulang ng institusyon, atbp.). Kung hindi ka sigurado kung saan magsimula, subukan ang:

Legal Services of New Jersey

lsnj.org/ o 1-888-LSNJ-LAW

Libreng sibil na legal na tulong sa buong estado. Nag-aalok ng tulong sa mga restraining order, pabahay, imigrasyon, pampublikong benepisyo, atbp.

Take Back the Night Foundation National Sexual Assault Hotline

takebackthenight.org/legal-assistance/ o tumawag sa 567-SHATTER (567-742-8837)

24/7 na kumpidensyal na pambansang hotline na kumukonekta sa mga abogado na maaaring talakayin ang mga legal na opsyon sa mga nakaligtas sa sekswal na karahasan.

Partners

partnersnj.org o 973-233-0111

Dalubhasa sa pagbibigay ng libreng representasyong legal para sa mga nakaligtas na mababa ang kita sa mga usapin ng batas na pampamilya (mga restraining order, kustodiya, at sustento sa bata) para sa mga sumusunod na county: Essex, Union, Middlesex, Hudson, Passaic.

Seton Hall University Center for Social Justice

csj_reception@shu.edu o tumawag sa 973-642-8700 o 973-761-9000 ext. 8700

Legal clinic sa unibersidad na sumusuporta sa mga nakaligtas sa sekswal na karahasan.

New Jersey Crime Victims' Law Center

Richard Pompelio: Tumawag sa 973-903-9848 o rpompelio@njcrimevictims.org

Ang NJCVLC ay nagbibigay ng libreng legal na tulong sa mga biktima ng marahas na krimen sa New Jersey.

Maaari kang maging kuwalipikado para sa kompensasyon

Maaari kang maging karapat-dapat para sa tulong mula sa **Victims of Crime Compensation Office** (VCCO, Opisina para sa Kompensasyon sa mga Biktima ng Krimen), na maaaring saklawin ang ilang gastos na legal o mula sa bulsa bilang resulta ng pinsalang naranasan mo. Isang tagapagtaguyod ang makakatulong sa iyong mag-apply. njoag.gov/vcco/vcco-victims/

Para Matutunan Pa:

Mangyaring bumisita sa njcasa.org

Mangyaring tandaan na ang aming website ay isang hindi pang-emerhensyang mapagkukunan

Para sa mga Emerhensya:

Mangyaring bumisita sa [Find Help Page \(Pahina sa Paghanap ng Tulong\)](#) o tawagan ang 24 na oras na pambuong-estadong hotline sa 1-800-601-7200.